Ang Tula, ang Katawan, at ang Dahas sa Panitikan

Isang Pagbasa sa Panitikang Bunga ng Insidente ng Sexual Harassment sa Loob ng INWW

Martina Herras

Hindi ko magawang ibukod ang Tula mula sa lugar nito sa lipunan at kasaysayan, sapagkat nakaangkla ang pagbabasa ng Tula sa pagbabasa ng personal at ng politikal. Kung hinuhulma ng mga kontekstong bumubuo sa kamalayan natin ang paglikha ng sining at panitikan, gayon din sa pagbasa at pagtugon dito.

Sa ganitoong paraan ko naunawaan ang "Gahasa sa Gahasa" ni Rebecca Anoñuevo—na hindi mababasa ang tula nang hindi bumabalik sa karahasang naganap sa loob ng ika-26 na Iligan National Writers Workshop. Kaakibat ng diskurso mula sa insidente sa INWW ang panitikang nabuo mula sa isyu—mula sa Tula ni Anoñuevo na tumatanggi sa posisyon ng biktima, hanggang sa mga pahayag ng iba't ibang publikasyon at manunulat na kumokondena sa labis na pagkalinga sa kultura ng panggagahasa. Hindi antolohiya kundi mapa ng mga pangyayari ang pagtugon sa mga kaganapan sa INWW—isang pagtatalunton sa Katawan ng Panitikan sa panahon ng post-truth.

Binubuksan ni Anoñuevo ang tula sa katanungang "sanay ka bang bumukaka?"—isang pagdiin sa posisyon ng persona, na nanlilibak sa tinutukoy ng tula. Nanlilibak at hindi basta-bastang nagtatanong, sapagkat nasusundan ito ng mga salitang tila nagpapatunay na nangyari ang mga nangyari dahil may pagnanasang naganap, kung saan ang gahasa ay hindi gahasa, at ang gahasang tunay ay ang pag-angkin ng biktima sa naratibong ipinaglalaban ng persona ay ginusto rin naman pala sapagkat may nakuhang katiting ng "sarap" sa akto, "nasarapan ka kahit / Nagmamadali"

> Sa singit, sa hita, mangabayo
> Sa dilim, ay, di ba't kaysarap
> Ng sandali, nasarapan ka kahit

Nagmamadali, dahil kaydali,
Ilog sa ilalim ng karit na buwan,
Impit na halinghing,
Mahigpit na kapit sa bangin,
Mahuhulog ka, kayong dalawa.
Pero lilipad na mga langong anghel.
Iigtad ang langit sa masidhing inggit. (Añonuevo)

Kasabay sa pagbasa ng tula ang pagbasa ng pahayag mismo ni Anoñuevo ukol sa isyu, "…Natitiyak kong walang nagpapasok sa tahanan ang nanaising gumising sa pagbasag ng tiwalang kaloob sa kaniyang mga panauhin," (Añonuevo) na siyang pagtatanggi sa insidente ng panggagahasa sa loob ng palihan at pagtanggi sa mismong inilabas na pahayag ng biktima ukol sa kaniyang pagkakagahasa. Nakikita sa mga pahayag, at sa mismong pagtatalinghaga ni Anoñuevo, na pumapanig siya sa kaisipan na hindi ang ginahasa ang tunay na biktima ng gahasa, kundi ang mga direktor ng palihang sangkot sa pagpapatahimik sa isyu, na siyang kinakailangang humarap sa galit ng madla. Malinaw na ipinararating ni Anoñuevo sa kaniyang tugon sa naging Facebook post ng biktima na nagsasalaysay ng kaniyang karanasan sa loob ng palihan, at sa pagtatakwil sa kaniyang mga pahayag ng mga nag-organisa mismo ng INWW: "Hindi makatarungan ang halimaw ng panlilibak kay Christine Godinez-Ortega. Hindi makatarungang ipabalikat sa Iligan Workshop ang anumang pangyayaring hindi dapat nangyari ayon sa mga naisiwalat na ng mga nasasangkot." (Añonuevo)

Sa konteksto ng pagdedepensa ni Anoñuevo sa makatang nanggahasa, masasabi natin na sinasalamin ng tula ang mga paninindigang politikal at sosyolohiko–lalong-lalo na sa usapin ng katawan at kasarian. Kaakibat ng mga tulang ukol sa peminismo sa ating kasaysayan ang mga kilusang bunga ng pakikiisa ng mga kababaihan laban sa mapang-aping patriarkiya, na siyang litaw mismo sa larangan ng sining at panitikan.

Tanda ng patuloy na pagkilos ng Kababaihan ang mga tula, na wika nga ni Lilia Quindoza-Santiago sa *Three Historical Periods in Philippine Women's Poetry*, "One hundred years of poetry-writing by women from 1889 to 1989 have proven that Filipino women are capable of breaking the long period of silence"(Santiago) na, sa panahon ng rebolusyon hanggang Martial Law, at hanggang sa kasalukuyan, nagagawa ng kababaihan na gamitin ang tula bilang sandata laban sa sistemang mapang-api. "This is because many if not all women writers, whatever their orientation or political affiliation, are inevitably affected in their writing by the women's movement." (Santiago) Kung salamin ang tula para sa karanasan ng tao, salamin ang tula ng kinikilingan nitong alyansa.

Importanteng intindihin na sa kasaysayan ng peminismo sa Pilipinas, sa mga indibidwal na pagpapahayag tulad ng panitikan at pagtutula lamang nagagawa ng kababaihan na ipakita ang kanilang pakikiisa sa mga kababayang babae. Lalong-lalo na't sa kasaysayan mismo ng kilusang kababaihan sa Pilipinas, kung saan matagal bago magkaroon ng organisadong pagtitipon ang mga babae, na hiwalay sa mga kilusang dominanteng pinamumunuan ng mga kalalakihan. Ang unang ulat ng pagkaroon ng isang malakihang pagtitipon ay naganap noong 1937, sa pagkaroon ng plebisitong nagbigay ng pahintulot sa pagboto ng mga kababaihan sa eleksiyon.

Mula dito, maaari nating sabihin na dahil matagal bago magkaroon ng kilusang nakasentro sa karapatang pambabae, matagal rin bago nagkaroon ng iisang pagkakaintindi ng kabuoang gobyerno at mga batas na nagpapatakbo sa bansa ng kalagayan ng mga kababaihan sa Pilipinas. Kung kaya't ipinagkatiwala ng mga babaeng makata ang kanilang mga paratang at pahayag, lalo na tuwing mga panahon ng giyera, laban sa panggagahasa at kalapastanganang sinasapit ng mga kababaihan—maging bahagi man sila ng rebolusyon, o bilang mga pangkaraniwang tao.

Sa "Hibik Namin," na isinulat nina Victoria Laktaw at ilan sa kanyang mga kasamang babae noong 1899, makikita ang panawagan para sa pakiisa ng kanilang mga kapanalig, at ng kabuoang masa, para sa hustisya laban sa panggagahasa ng mga sundalong Amerikano.

> Kung minsa'y asawang anghel sa pagibig
> o dalaga kayang uliran nang linis,
> kapag inabuta't kanilang nagipit,
> ang puri 'y siya nang mulang pagkalait.
>
> Dito magsitangis ang nangapahamak
> niyaong pagkahulog sa kamay nang sukab
> ikalangita'y kahit di mo ibulalas
> sa lupa ang bangis ng justiciang tapat! (Laktaw)

Sa unang apat na linya, maliwanag ang tungkulin ng Babae sa lipunan noong panahon ng mga Americano—isang imahen ng kalinisan at kabirhenan, at higit sa lahat, isang imahen ng perpektong ilaw ng tahanan. Ngunit, sa tula, ginagamit ni Laktaw, atbp. ang larawan ng isang perpektong babae bilang pambungad sa, tila karumal-dumal, na imahen ng babaeng hinubaran ng kaniyang puri, sa kamay ng mga sundalong Amerikano.

Sa paggamit ng mga makata ng mga kombensiyunal na imahen ng babae, nagagawang subersibo ang tila mapangkahon na paglalarawan ng kawalan ng kapangyarihan. Subersibo, dahil nagawang mailathala ang tula sa *El Heraldo Filipino*, na kahit nanatiling palihim ang pamamahagi sa pahayagan, nagkaroon pa rin ng mga makabuluhang saksi ang tula. Mula linya 5 hanggang 8, hindi na nakaangkla sa pagiging birhen o sa imahen ng pagiging dalisay ang paggamit ng salitang langit. Nakatuon na ito sa pangunahing pangitain ng tula—ang makamit ng mga kababaihan ang kanilang hustisya.

Sa pagdaan ng panahon, ang pagbasa ng tula bilang isang pahayag ng hustisya ay siyang naging tugon sa pangkalahatang pagtrato ng mga kababaihan sa lipunan—kung sa panahon ng giyera ay ginamit ang tula bilang pag-apela para sa pakikiisa at sa suporta galing sa mga kaalyadong kalalakihan, naging malinaw na sa mga sumunod na mga makata na kinakailangang panagutan rin ng mga kaalyado at kababayan ang sarili nilang pagmamalupit sa mga babae.

Inilalarawan ng "Elehiya sa Kamatayan ng Simbolismo" ni Flor Condino Gonzales, na inilathala noong kalagitnaan ng dekada 1980, ang buhay ng isang batang babaeng naglalako ng sampaguita. Dito, nakikita natin ang pambabastos na pinagdadaanan ng persona sa kaniyang araw-araw na pakikipagsapalaran sa mga bangketa at kalsada:

> Si Pina, sa gayon ay mapapayuko,
> Pisngi'y mamumula't gumagandang lalo
> "Di po ako bagay kahit na lukayo,"
> kiming isasagot at siya'y lalayo
> sa matang may apoy na nakakapaso
> na kung makatingi'y para siyang hubo (Gonzales)

Kung ipaghahambing sa tula nina Laktaw, atbp. ang tula ni Gonzales, makikita natin na hindi na banyaga ang kapangyarihang mapaniil. Nanggagaling na ang titig sa kapwa nakikipagsapalaran sa mga bangketa, sa karaniwang Pilipino na nadadaanan ng persona—isang paglalarawan na ang pagmamaltrato sa kababaihan ay nanggagaling sa kolektibong kaisipan, maging banyaga man o kababayan.

Sa "Gahasa" ni Joi Barrios, malinaw na palaging nasa posisyon ng kahinaan ang babae sa lipunan. Kung nakikita natin sa mga tula nina Laktaw at Gonzales na ang agawan ng kapangyarihan ay nasa mga puwersang banyaga o sa mga sistemang kinagisnan ng bayan, makikita sa tula ni Barrios na ang puwersa ay nanggagaling sa kung sino man ang namumuno at gumagawa ng batas na nagpapatakbo sa bansa.

Ipasok sa hukuman ang nasasakdal
Iharap sa hukuman ang nagsasakdal
Simulan ang panggagahasa (Barrios)

Sa pagputok ng isyu ukol sa INWW, nagawang ilabas muli ni Barrios ang kaniyang tula sa Facebook, bilang bahagi ng kaniyang pahayag laban sa mga nangkukuwestiyon ng pag-uulat ng ginahasa—"Sa aking palagay, mahalaga na: 1) suportahan lagi ang survivors ng rape at sexual violence; at 2) kasabay nito, makibaka laban sa seksistang wika at kultura ng victim blaming,"(Barrios) wika niya sa isang Facebook post, kung saan ipinaskil rin niya ang tulang "Gahasa," na unang inilathala noong 1990. Mababasa sa huling tatlong linya ng tula ang "Ipasok sa hukuman ang nasasakdal./ Iharap sa hukuman ang nasasakdal./ Simulan ang panggagahasa," na kung ipagtatabi sa pahayag ni Anoñuevo ukol sa isyu ("Anuman ang nangyari sa pagitan ng mga sangkot sa Iligan National Writers Workshop ay pagpapasyahan hindi ng mga nakatanghod, kundi ng korte, sa takdang araw… Hindi korte ang social media at hindi dangal ang popularidad. Magsampa ng kaso sa dapat sampahan.")(Añonuevo) ay tugon rin sa pagpapababa ng Palihan sa nibel ng ingay at gulo ang paghahanap ng hustisya ng biktima mula sa Social Media. Kung saan, hinuhubog muli ni Barrios ang tanong mula sa paggamit ng talinghaga hanggang sa lantarang pag-aakusa nina Anoñuevo at ng mga nag-organisa ng INWW sa social media na hindi hustisya kundi ingay lamang ang hanap ng biktima—na, hindi ba't isang panggagahasa na rin ang pagpipilit sa sugatán na tiyak na magkakaroon lamang ng bisa ang kaniyang karanasan kapag iharap ito sa korte?

Dito natin ngayon mahahanap ang suliranin ng tula ni Anoñuevo. Sa pagtatalunton ng kasaysayan ng mga tulang umiiral dahil sa karanasan ng kababaihan, karahasan na ang kunin ang kung ano ang dapat ay subersibo, at gamitin ang pagtutula bilang pagbabalik sa mentalidad na siyang nagpalaganap noon ng panunupil at pagpapatahimik.

Hindi maaaring ibuhol ang obhetibo ng panitikang pambabae, lalo na sa konteksto ng kasaysayan ng Pilipinas, sapagkat malalim ang pagkakaugat ng panitikan sa kilusan, ang lahat ng mga tulang nabuo mula sa panahon nina Laktaw mula sa ika-26 na INWW ay direktang tumutugon sa paulit-ulit na pagsisiyasat sa posisyon ng Babae sa ating lipunan. Bagaman hindi naman tinanggihan ni Anoñuevo ang layunin ng tula, na isang pagdedepensa sa Palihan at ng mga namumuno nito, na patahimikin ang boses ng kababaihan—hindi lamang sa biktima ng insidente sa INWW, kundi ang kabuoan ng ating panitikang pambabae.

Kung kaya't kinakailangang suriin muli ang bisa ng panitikan sa pagpapahayag ng pinapanigan—lalo na sa mga isyung sosyopolitikal, na natural na kinakailangan ng kolektibong pagkaunawa at paggalaw. Ang nadedehado sa pag-aangkla lamang sa panitikan ay ang pagkilos laban sa mga sistemang higit pa sa mga kumbensiyon ng panitikan. Sa pagmamataas ng tungkulin ng Panitikan higit sa pagiging isang kasangkapan lamang sa kabuoang diskurso, nababawasan ng timbang ang isang sitwasyong kinakailangan ng lubusan at madaliang pansin sa pagpapababa sa sitwasyon bilang isang simbolo lamang. Napapasailalim lamang ang karahasang nararanasan ng mga marhinalisado at api sa kahibangan na maaaring ipagpalit ang pagkilos sa pagtutula lamang.

Traidor ang talinghaga sa pagpapaibabaw ng katotohanan. Kung baga sa tula, manipis ang sinulid na humihiwalay sa pagpapaganda ng musikang pumapalibot sa tula, at ang baho na nagmumula sa kabulukan ng pakikipagsabwatan nito sa mga puwersang mapaniil.

> Na para bang hiniling iyon ninuman.
> Hindi ko kayang malirip ang sakit
> para isiksik sa taludtod ang karahasan.
> Hindi ko kayang tulaan ang sinumang
> babae nang hindi maiisip ang minamahal
> na ina at lola na parehong yumao na
> at nagturong wala sa talinghaga
> ang pagpapahalaga sa kapwa. (Samar)

Tugon ni Edgar Samar dito ang "Hindi Ko Kayang Tulaan ang Panggagahasa," na kung ipagtatabi sa "Gahasa sa Gahasa" ay walang bahid ng Talinghaga—na siyang bahagi rin mismo ng tula, "wala sa talinghaga / ang pagpapahalaga sa kapwa." Tila isang pagtanggi rin mismo sa paggawa ng tula ang tula, sa kaniyang pagdiin na "Kaya hindi ito tula. Napuputol lamang / ang mga salita dahil hindi ko alam / kung paano ko sasabihin nang tuluyan…"—kung saan, mula sa pagtanggi sa identidad bilang tula, nagsisilbi rin itong pag-amin sa kahinaan ng pagtutula, at sa kalaunan, ang kahinaan sa paglilikha ng panitikan.

Sa mga pahayag ng mga grupo tulad ng GABRIELA at Concerned Artists of the Philippines, makikita na nagagawang magtawag para sa pananagutan sa pamamagitan ng sanib-puwersang pagpapanig ng mga kolektibo. Tila nanghihimasok ang pagtugon nina Anoñuevo, Samar, at Barrios sa isa't isa sa mga kombensiyon ng pakikipagtalastasan, lalong-lalo na sa gitna ng isang pangyayaring humihingi ng agarang suporta o pahayag mula sa mga institusyong pumapalibot sa isyu. Nanghihimasok, sapagkat sa tugon nakikita ang lawak o hangganan ng

suporta ng institusyong nirerepresenta ng indibidwal, na kasinghalaga lang ng pagkakaroon ng pagpapahayag ng mga opinyon ng isang kolektibo.

Anim na buwan matapos ang unang pagbabalita ng insidente, naging desisyon ng korte na isantabi ang kaso sa kawalan ng ebidensiya o "hard evidence" na magpapatunay na ginahasa ang biktima (Office of the City Prosecutor). Nakatahi ang patriarkal na konsepto ng korte at ng sistemang hudikatura ng ebidensiya sa idea na hindi maaaring mapagkatiwalaan ang galit at pagdadalamhati ng api—lalong-lalo na ang babaeng naghahabol sa sarili niyang hustisya. Isang paghuhubad muli't muli ang pagtetestimonya at pag-uulit ng isang ginahasang babae laban sa karahasan na kaniyang pinagdaanan. Isang panggagahasa muli ang pagtanggi ng hurado sa naranasan ng inapi.

Katulad ng pangungutya sa ebidensiyang gumagamit ng pansariling testimonya, isang senyas din ng sistemang patriarkal ang pagbabalewala at pagsasantabi ng karanasan ng api, sa paggamit ng panitikan bilang isang instrumentong mapaniil. Sa kasaysayan ng pagkakait ng edukasyon at kalayaan ng mga kababaihan na ipaglaban ang kanilang mga karapatan, isa ang panitikan sa mga may salarin sa pagsasara ng tarangkahan sa mga ideang nagbibigay puna sa macho-patriarkal na pagpapatakbo ng mundo ng sining at humanidades.

Isa sa ipinaglalaban ng peminismo, lalo na sa Panitikan, ay ang pagkakaroon ng mga ligtas na espasyong maaaring makatulong sa paghilom ng mga biktima sa pamamagitan ng pangangalaga ng isang komunidad na may lubos na empatiya at isipang bukas sa pag-iintindi. Ang pagkakakaladkad ng tula ni Anoñuevo sa biktima, sa pamamaraan ng kaniyang pag-aakusa sa Social Media na hindi makatotohanan ang pinagdaanan ng ginahasa, ay isang pagnanakaw sa biktima ng kaniyang ligtas na espasyo. Ang pagdemanda ng isang korte na maglabas ang biktima ng mas konkretong ebidensiya taliwas sa pagtetestimonya niya ng sarili niyang karanasan ay isang pagnanakaw sa biktima ng kaniyang ligtas na espasyo. Isa ito sa mga binanggit ng Gantala Press sa kanilang pahayag laban sa naging desisyon ng korte:

> Now, more than ever, we should demand for institutional accountability in ensuring that writing workshops are safe spaces for fellows. Workshop organizers need to ensure that proper mechanisms for responding to cases of sexual violence are in place. In incidents of sexual violence, the victim's well-being should be more important than anyone else's reputation. (Gantala Press)

Kung kaya't itong pagkakait ng hustisya sa biktima ay hindi naiiba sa pagpapaikot sa Panitikan, na siyang maaaring gawing katuwang ng pagpapalakas

ng katotohanan, tungo sa mapanirang layunin ng pagpapatahimik ng boses ng isang biktima. Ang paggamit ng makata ng kaniyang impluwensiya sa pagpapatuloy ng isang sistemang mapaniil, sa halip ng paggamit sa tula bilang isang mapagpalayang plataporma para sa diskurso laban sa pang-aapi, ay ebidensiya ng pagkukulang ng Panitikan bilang isang pagsukat ng pag-uunawa. Mula sa tahasang paglihis ng sistema sa katotohanan, at sa katamaran na makikita sa pag-iwas ng hukuman na ipagpatupad na managot sa pagbabalewala sa pagmamalabis sa kababaihan na nagaganap hindi lamang sa Iligan National Writers Workshop, kundi sa lahat ng mga premyadong palihan sa bansa—hindi na maaaring sabihin na isang kultura ng paglilikha at pagpapaunlak ng haraya ang mga palihang pampanitikan, kung ang karamihan sa mga nagiging kasapi nito ay nagiging biktima ng mapang-abusong sistema.

Mula dito lumilitaw ang tanong na, labas sa mga nakasanayang moda ng tula at panitikan, ano ang mga hangganan ng pagsasatula ng mga isyung sosyopolitikal? Tulad nga ng pahayag ng Gantala Press ukol sa tula ni Anoñuevo at sa kabuoan ng isyu, "May mga bagay na hindi maaaring idaan at ilaban sa tula. Ang mga pangangahas na katulad ng kay Añonuevo ay epekto ng sistemang padrino na nagpapaliit sa mundo ng mga makata at manunulat na kabilang dito." Kung babalikan ang mga tugon sa tula ni Anoñuevo, mula kay Samar, Barrios, at marami pang iba, hindi pagtutula lamang ang proyekto ng mga tugon, kundi isang pag-uusisa na rin sa paggamit ni Anoñuevo ng tula bilang pagpapakita ng kaniyang pagtanggi sa naratibo ng biktima. Isang pang-uuyam sa mapanlinlang na paggamit ng talinghaga ang serye ng mga tulang sumunod sa "Gahasa sa Gahasa," na siyang naghahain na rin ng tanong ukol sa tungkulin ng panitikan sa mga importanteng talakayan ukol sa sosyopolitikal na katotohanan, kung saan kinakailangang iturin na panitikan ang diskursong nagiging bunga ng mga isyu na hinaharap natin.

Mga Sanggunian

Añonuevo, Rebecca. 2019. "Bakit may hasà sa gahasa?" Facebook. Agosto 6, 2019. https://www.facebook.com/notes/rebecca-t-a%C3%B1onuevo/gahasa-sa-gahasa/10157400641723431/

Barrios-LeBlanc, Joi. "Sa aking palagay, mahalaga na: 1) suportahan lagi ang survivors ng rape at sexual violence; at 2) kasabay nito, makibaka laban sa seksistang wika at kultura ng victim blaming." Facebook. Agosto 8, 2019. https://www.facebook.com/joi.barrios/posts /1015737146401980

Concerned Artists of the Philippines. "As artists, cultural, and knowledge workers who stand for justice, we condemn any form of rape, sexual misconduct, assault, harassment, and violence especially against women and other marginalized genders." Facebook. Agosto 12, 2019. https://www.facebook.com/artistangbayan/photos/a.217690818242635 /2715518655126493

GABRIELA Network of Professionals. "Gabriela Network of Professionals calls to End Rape Culture now! Labanan ang abuso!" Facebook. Agosto 6, 2019. https://www.facebook.com/gnetprofessionals/photos/a.1800406456865518/2402047110034780

Gantala Press. "Statement on the Dismissal of the Rape Case vs MIT-Trained Science Writer." Gantala Press, February 27, 2020. https://gantalapress.org/2020/02/27/statement-on-the-dismissal-of-the-rape-case-vs-mit-trained-science-writer/?fbclid=IwAR0iRjgM1RHxXNSyrdeTcJjPSIakIt6rbWtB_8n-TMFgUCWMrvN6c2AcdTY.

Office of the City Prosecutor, Lungsod Iligan. *Alstein Joi B. Diapana v Timothy James Dimacali*, NPS Docket No. X-08-INV-19K-00533, 2020.

Samar, Edgar. 2019. "Hindi ko kayang tulaan ang panggagahasa na para bang hiniling iyon ninuman." Facebook. Agosto 7, 2019. https://www.facebook.com/EdgarCalabiaSamar /photos/a.555440914574935/2302183943233948

Santiago, Lilia Quindoza. *Sa Ngalan ng Ina: Sandaang Taon ng Tulang Feminista sa Pilipinas.* 1889-1989. University of the Philippines Press, 2002.